

Ika-16 ng Nobyembre, 2021

Minamahal na mga Pamilya ng ASD,

Tulad ng alam n'yo, ang ruta ng bus ng Anchorage School District ng inyong mag-aaral ay kasama sa pangkat ng mga ruta na kasalukuyang nakakaranas ng tatlong linggong pagsususpende ng serbisyo.

Ang mensaheng ito ay isang paalala na bilang bahagi ng Cohort 4, ang ruta ng inyong mag-aaral ay magpapatuloy sa Lunes, ika-22 ng Nobyembre. Kabilang dito ang serbisyo ng bus sa umaga at hapon.

Kinailangan ang pansamantalang pagsususpende ng serbisyo dahil sa kakulangan ng mga driver ng bus na nagreresulta sa pagkawala ng driver at ang mga epekto ng COVID-19 sa mga kawani ng transportasyon.

Salamat sa inyong pasensya at kakayahang umangkop habang ang Departamento ng Transportasyon ng ASD ay gumagawa patungo sa pagresolba sa aming umiikot na sistema ng mga pansamantalang pagsususpende sa ruta ng bus.

Taos-puso,

Transportasyon ng ASD

Ika-16 ng Nobyembre, 2021

Minamahal na mga Pamilya ng ASD,

Kung natatanggap n'yo ang liham na ito, ang ruta ng bus ng Anchorage School District ng iyong mag-aaral ay kasama sa isa sa mga cohorts ng mga ruta na nakatakdang makaranas ng isang pansamantalang, tatlong linggong pagsuspinde ng serbisyo.

Ikinalulugod ng Transportasyon ng ASD na ibahagi ang isang planong inilagay upang ihinto ang pansamantalang pagsususpende ng mga ruta para sa cohorts 5 at 6, na naka-iskedyul para sa ika-22 ng Nobyembre hanggang ika-10 ng Disyembre at ika-13 ng Disyembre, 2021 hanggang sa ika-7 ng Enero, 2022.

Ang mga ruta ng bus ng inyong mag-aaral ay magpapatuloy na walang mga pagka-antala sa serbisyo.

Kung makakaapekto ang COVID-19 sa mga kawani sa mga petsa ng cohort, ibabalik ng Distrito ang pansamantalang pagsususpende, ngunit sa oras na ito ay WALANG plano na pansamantalang suspindihin ang mga ruta.

Mangyaring sumangguni sa pahina ng Transportasyon ng ASD [Hot Topics](#) para sa buong listahan ng mga ruta ng bus na natukoy para sa cohort 5 at 6.

Salamat sa inyong pasensya at kakayahang umangkop habang ang Departamento ng Transportasyon ng ASD ay nagtrabaho upang lutasin ang mga pansamantalang pagsususpende sa ruta ng bus.

Taos-puso,

Mga Serbisyo sa Transportasyon ng ASD